# Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya sa antas ng nag-aayuno na nagdarasal [pa sa gabi]."}

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya sa antas ng nag-aayuno na nagdarasal [pa sa gabi]."}
[Tumpak sa pamamagitan ng mga patotoo nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kagandahan ng kaasalan ay nagpapaabot sa tagapagtaglay nito sa katayuan ng tagapagpamalagi sa pag-aayuno sa araw at pagdarasal sa gabi. Ang kinasalalayan ng kagandahan ng kaasalan ay ang pagkakaloob ng nakabubuti, ang kagandahan ng pagsasalita, ang kaaliwalasan ng mukha, ang pagpipigil sa perhuwisyo, at ang pagbabata niya dahil sa mga tao.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee